

Pagpapanatili ng [Mga] Wika ng iyong Pamilya

Ang Pagpapanatili ng mga porma ng wika ng iyong pamilya ang bumubuo ng pundasyon para sa lahat ng susunod na pag-unlad ng wika. Madaling matututo ang iyong anak ng maraming wika kapag mayroon siyang mga pagkakataon na makita, marinig at makipag-usap nang may mahusay na mga modelo sa wika.

Ang Mga Propesyunal sa Maagang mga Taon sa Victoria (Early Years Professionals in Victoria) ay ginagabayan ng Balangkas ng Pagkatuto at Pag-unlad ng Maagang mga Taon sa Victoria (*Victorian Early Years Learning and Development Framework*) (VEYLDF). Kinikilala ng balangkas na ito ang multi-lingwalismo bilang kayamanan at inaasahang susuportahan ang mga bata sa pagpapanatili ng wika ng kanilang pamilya, matuto ng Ingles bilang karagdagang wika, at matuto ng mga wika maliban sa Ingles habang dumadalo sa mga programa ng Edukasyon sa Maagang mga Taon at Pangangalaga (Early Years Education and Care Programs) (VEYLDF, 2016).

Maraming benepisyo para sa iyong anak ang pagpapanatili at patuloy na pagpapaunlad ng [mga] wika ng pamilya:

- Maaaring palawigin ng iyong anak ang kanyang kakayahang mag-isip, umangkop at umunlad sa pamamagitan ng paggamit ng wika ng kanyang pamilya.
- Ang pagpapanatili ng [mga] wika ng pamilya ay mahalaga para sa pagmintina ng relasyon sa pamilya, paglikha ng mga koneksyon at diwa ng pagkakaugnay (sense of belonging).
- Ang [mga] wika ng pamilya ay hindi maihihiwalay sa pagkakakilanlan, kultura at kagalingan ng iyong anak.
- Ang katatagan sa [mga] wika ng pamilya ay tulong sa iyong anak upang matuto ng karagdagang mga wika tulad ng Ingles.

Ipinapaliwanag ng VEYLDF (2016) sa mga tagapagturo na ang pagkatuto at pagpapanatili ng mga unang wika o wika ng tahanan ay may makabuluhan at patuloy na papel sa pagbubuo ng pagkakakilanlan (pg 18). Samakatuwid, isang mahalagang sangkap ng pagsuporta sa pagpapaunlad ng Ingles bilang karagdagang wika ang paglahok ng mga tagapagturo at mga pamilya sa mga pagtutulungan at kolaborasyon upang hikayatin at suportahan ang mga bata na panatilihin at patuloy na paunlarin ang kanilang mga wika sa pamilya.

Pagpapaunlad ng Ingles bilang Karagdagang Wika sa Edukasyong Pang-Maagang Kabataan at Pangangalaga sa Kapaligiran

Ang iyong anak ay magkakaroon ng maraming oportunidad sa Edukasyong Pang-Maagang Kabataan sa Victoria (Victorian Early Childhood Education). Sinasabi ng mga pananaliksik

na 'ang mga bata ay matagumpay na natututo ng Ingles (o ibang wika) bilang karagdagang wika sa pamamagitan ng pagkakatandang sa wika, malinaw na pagmomodelo at pagtuturo ng wika, at paglalaan ng sapat na panahon sa pag-aaral ng isang bagong wika' (VEYLDF, 2016, pg. 22).

Ang pag-alam ng isang wika ay makatutulong sa mga bata na maunawaan kung paano gumagana ang ibang mga wika. Ang mga kasanayang nabubuo ng mga bata sa isang wika ay maaaring ilipat sa bagong wika. Sa pamamagitan ng wika ng pamilya, natututunan ng mga bata ang kahulugan ng bagong wika, mga tuntunin at bokabularyo nito. Kapag ang iyong anak ay nalalagay sa isang kapaligiran malaganap ang wikang Ingles, nagkakaroon sila ng pagkakataong makarinig ng Ingles sa maraming iba't ibang konteksto. Gugustuhin nilang sumali at makipaglaro sa ibang mga bata at ang mga tagapagturo ay makapagbibigay ng magandang mga modelo at maraming pagkakataon para sa iyong anak na makinig at magsanay sa Ingles.

Ang mga kasanayan sa wika ay umuunlad ayon sa bilis ng pag-angkop sa mga karanasan sa dating wika ng bata, pagkakatandang sa bagong wika at bagong kapaligiran kung saan siya nag-aaral. Ang mga batang nag-aaral ng maraming wika nang sabay-sabay, sa isang yugto ng panahon, ay maaaring magsalita sa isang wika nang mas higit sa iba. Sa simula ay maaaring paghaluin ng mga bata ang mga wika kapag nagsasalita sila. Maaaring alam nila ang salita sa isang wika at hindi sa iba. Upang mapanatili ang katatagan sa kanilang pakikipag-usap, ginagamit nila ang mga salitang alam nila. Ito ay isang kasanayang likas at madaling bumagay na nabubuo ng mga bata habang ginagamit nila ang kanilang wika sa kontekstong multilingguwal.

Tandaan...

Nangangailangan ng oras ang pagpapaunlad ng katatagan sa pananalita sa isang bagong wika at ang mga bata ay mangangailangan ng oras at walang pamimilit na suporta mula sa mga matatanda sa kanilang paligid habang sila ay dumadaan sa proseso ng pag-aaral ng karagdagang wika.

Karapatan ng lahat ng bata na gamitin at pag-aralan ang [mga] wika ng kanilang pamilya (UNCRC, 1989).

Mga Sanggunian (References)

Department of Education and Training, 2016. *Victorian Early Years Learning and Development Framework*.

UNICEF, 1989. *United Nations Convention on the Rights of the Child (UNCRC)*.